TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Ituloy and mga preventive measures para maiwasang mahawa sa COVID-19.

Ugaliing maghugas ng kamay, sumunod sa social distancing, takpan ang ilong at bibig kung bumahing o umubo, huwag umalis sa bahay at magsuot ng face mask kung ikaw ay may sakit, at linisin ang madalas na hinahawakang mga bagay gamit ang bleach o household detergent at tubig.

Kung may karagdagang katanungan, tumawag sa

TAGUIG CITY COVID-19 HOTLINE
8789-3200 o 0966-419-4510

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Maligo muna pagdating na pagdating sa bahay.

Hugasan nang mabuti ang lahat ng nakalantad na lugar gamit ang sabon. Tulad ng paghuhugas ng kamay, kuskusin nang mabuti ang katawan nang 20 segundo.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Mag-iwan ng alcohol o sanitizer malapit sa pintuan, at linisin muna ang kamay bago pumasok sa bahay.

Habang hindi pa malinis ang kamay, huwag munang hawakan ang mga bagay sa loob ng bahay.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Ilagay ang bag, susi, barya, at iba pang mga gamit na dinala sa labas sa itinalagang lugar o kahon malapit sa pintuan.

Linisin ang bag at iba gamit na dinala sa labas sa pamamagitan ng pag-spray ng bleach at tubig o 70% alcohol solution.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Kung gagamit ng PPEs tulad ng gloves o face mask, itapon ito sa hiwalay na basurahan. at hugasan ang inyong kamay nang mabuti.

Ihiwalay ang gamit na PPEs sa ibang basura. Ilagay muna ito sa selyadong bag sa loob ng 72 na oras bago iwanan sa labas upang makolekta.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Hubarin ang iyong damit at
ilagay sa hiwalay na laundry bag.

Labhan ito gamit ang tubig, detergent,
at konting bleach sa madaling panahon.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Pag nakauwi na, mag-spray ng alcohol sa swelas, at hubarin ang sapatos bago pumasok sa bahay.

Ilagay ang sapatos sa itinalagang lugar sa labas ng bahay, o malapit sa pintuan.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Alalahanin na hindi posibleng i-disinfect ang iyong bahay nang lubos.

Pero kung may wastong pag-iingat, mababawasan ang panganib ng pagpasok ng COVID-19 sa bahay.

Source: Department of Health

TIPS BAGO PUMASOK NG BAHAY

Ngayong ipinapatupad ang Enhanced Community Quarantine ay maaaring may mga pagkakataon na kinakailangan mong lumabas sa bahay upang magtrabaho o bumili ng basic necessities.

Alamin ang tips mula sa DOH upang maiwasan ang pagpasok ng COVID-19 sa bahay.

Source: Department of Health